Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 13, 2015 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | Konsehal – **O.B.** |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- **Sick Leave** |

x---------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 15-08-102

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO SA PAMILYA NG YUMAONG ATTY. MARIANO S. FAMILARA III**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na balita para sa buong Bayan ng Bulalacao ang pagpanaw ni Atty. Mariano S. Familara, III noong araw ng Miyerkules, ika-12 ng Agosto, 2015 dahil sa malubhang sakit;

**"SAPAGKAT,** si Atty. Familara ay nagmula sa malaki at prominenteng pamilya subalit, sa kabila nito, siya ay namuhay ng payak at masayang nakikihalubilo sa mga karaniwang mamamayan na marahil siyang nag-udyok sa kanya na manatiling magsilbi sa Roxas Trial Court bilang Clerk of Court ng halos tatlumpong taon sa halip na yakapin ang isang moderno at marangyang buhay na inaalok sa kanya ng Bansang Estados Unidos na kung saan marami sa kanyang mga kapaitd ay naninirahan doon;

**"SAPAGKAT,** si Kuya Boy na siyang karaniwang tinatawag sa kanya ng kanyang mga kamag-anak at kaibigan ay isang mapagmahal na asawa at ulirang ama sa kanyang pitong mga anak, isang buo at masayang pamilyang malapit sa Diyos na pinagbuklod ng matibay na pananampalataya sa kabila ng kanilang kahinaan at pagkukulang;

**"SAPAGKAT,** sa edad na 66 na taon, si Atty. Familara ay tinawag na ng Poong Maykapal na Siyang maylikha ng lahat at ito ay nagdulot ng matinding sakit at pangungulila sa kanyang mga anak, mga kapatid at higit sa lahat ng kanyang mapagmahal na ina na naging kasangkapan sa pagkaroon niya ng buhay sa daigdig na ito subalit, kaligayahan na rin at tagumpay para kay Kuya Boy na isiping siya ay kupkop na ng Mapagmahal at Mapagkalingang Kamay ng Poong Maykapal; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro sa pamilya ng yumaong Atty. Mariano S. Familara III;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Dexter R. Gonzales, pinangalawahan ni Konsehal Gideon B. Abuel at Konsehal Ramon G. Magbanua, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Agosto 13, 2015, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 8-20-15

150819/PLPjpc